Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Hugnayan o Langkapan na Pangungusap

Kakayahan: Natutukoy kung ang pangungusap ay hugnayan o langkapan.

Isulat ang titik **H** sa patlang kung ang pangungusap ay **hugnayan**.
Isulat ang titik **L** kung ang pangungusap ay **langkapan**.

___ 1. Dahil nagmadaling umalis si Enrico, hindi siya nakapagpaalam kay Inay at nakalimutan niyang dalhin ang kanyang baon.

___ 2. Maaaring matanggal siya sa trabaho kapag magpatuloy siya sa pagpapabaya.

___ 3. Mag-ehersisyo tayo sa parke tuwing umaga upang tumibay ang ating mga puso.

___ 4. Tumawag ka kay Ate Vilma at alamin mo ang kalagayan ni Tatay nang hindi ka natataranta sa pag-aalala.

___ 5. Sumasakay ka ba ng bus o sinusundo ka ba ng kuya mo kapag may klase ka sa kolehiyo?

___ 6. Bago tuluyan umalis si Nanay, kinausap niya kami saka ibinilin niya sa amin ang mga gawaing-bahay.

___ 7. Maaaring manganib ang buhay ng mga hayop kung hindi pangalagaan nang mabuti ang kagubatan.

___ 8. Magsuot ka ng kapote at dalhin mo ang payong dahil lumalakas na ang buhos ng ulan.

___ 9. Nais niyang makapasok sa isang *aviation college* sapagkat matagal na niyang pinapangarap ang maging isang magaling na piloto.

___ 10. Kailangan na niyang umuwi ngunit kulang ang kanyang perang pamasahe dahil gumastos siya sa paglalaro sa Internet café.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Hugnayan o Langkapan na Pangungusap (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy kung ang pangungusap ay hugnayan o langkapan.

Isulat ang titik **H** sa patlang kung ang pangungusap ay **hugnayan**.
Isulat ang titik **L** kung ang pangungusap ay **langkapan**.

L 1. Dahil nagmadaling umalis si Enrico, hindi siya nakapagpaalam kay Inay at nakalimutan niyang dalhin ang kanyang baon.

H 2. Maaaring matanggal siya sa trabaho kapag magpatuloy siya sa pagpapabaya.

H 3. Mag-ehersisyo tayo sa parke tuwing umaga upang tumibay ang ating mga puso.

L 4. Tumawag ka kay Ate Vilma at alamin mo ang kalagayan ni Tatay nang hindi ka natataranta sa pag-aalala.

L 5. Sumasakay ka ba ng bus o sinusundo ka ba ng kuya mo kapag may klase ka sa kolehiyo?

L 6. Bago tuluyan umalis si Nanay, kinausap niya kami saka ibinilin niya sa amin ang mga gawaing-bahay.

H 7. Maaaring manganib ang buhay ng mga hayop kung hindi pangalagaan nang mabuti ang kagubatan.

L 8. Magsuot ka ng kapote at dalhin mo ang payong dahil lumalakas na ang buhos ng ulan.

H 9. Nais niyang makapasok sa isang *aviation college* sapagkat matagal na niyang pinapangarap ang maging isang magaling na piloto.

L 10. Kailangan na niyang umuwi ngunit kulang ang kanyang perang pamasahe dahil gumastos siya sa paglalaro sa Internet café.

© 2014 Pia Noche